1

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Arts

## Unang Markahan – Modyul 2:

## Kilalanin ang mga Gamit




ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

CO_Q1_ARTS1_Module2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Arts– Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 2: Kilalanin ang mga Gamit**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Ellen Grace Z. Aquino

**Editor:** Marilou G. Gammad, Ana Grace M. Gallardo

**Tagasuri:** Alexander Domingo, Denis M. Agbayani

**Tagaguhit:** Pedro B. Sario, Jr.

**Tagalapat:** Alexander G. Barasi

**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas, Jessie L. Amin
Octavio V. Cabasag
Denis M. Agbayani
Rizalino G. Caronan
Romel B. Costales
Ruby B. Maur
Cherry Grace D. Amin
Alexander Domingo

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ______________________

**Department of Education – Region II**
Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

1

# Arts

## Unang Markahan – Modyul 2:

## Kilalanin ang mga Gamit

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# Alamin

Ang linya, hugis at tekstura ay mga elemento ng sining at disenyo. Ang “Prinsipyo ng Sining” ay kung paano gamitin ng isang “Manlilikha o Artist” ang mga elemento ng disenyo upang makalikha ng magandang obra o sining. Ito ay tinatawag na komposisyon (composition) gamit ang mga linya, hugis at tekstura.

Sa modyul na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. Natutukoy ang iba’t ibang hugis, linya at tekstura na ginamit sa isang larawan; (Q1/W2-A1EL-I0)
2. Nagagamit ng mga manlilikha o artist ang pagpinta gamit ang Elemento ng Sining;
3. Nakagagawa ng sariling disenyo batay sa natural na bagay at mga bagay na gawa ng tao na nagpapakita ng sariling ideya gamit ang linya, hugis at tekstura.

# Subukin

**Panuto**: Iguhit sa loob ng kahon ang iyong paboritong laruan.

# Aralin 1 — Kilalanin ang mga Gamit

## *Balikan*

Sagutin ang mga sumusunod:

1. Anong bagay ang paborito mong iginuguhit?
2. Ano-ano ang ginagamit mo sa pagguhit?
3. Paano mo nagawa ang iyong ginuhit?

## *Tuklasin*

Pagmasdan ang larawan na nasa ibaba. Pag-aralang mabuti ito pagkatapos sagutin ang mga tanong tungkol dito.



1. Sino ang may kaarawan?

2. Ilang taon na siya?

3. Ano ang hugis ng lobo?

4. Ilarawan ang keyk niya?

5. Masaya ka ba tuwing kaarawan mo? Bakit?

## Suriin

### MGA HUGIS

bilog



parisukat



tatsulok



puso



parihaba



biluhaba



### MGA LINYA



kulot na linya



pakurbang linya



tuwid na linya



palihis na linya



pahigang linya



zigzag na linya

## MGA TEKSTURA



makinis



magaspang



manipis



makapal

Ang linya ay nagsisimula sa tuldok hanggang sa maging linya. Ito ay guhit na pinagdugtung dugtung.

Ang mga hugis ay nabubuo kapag ang mga dulo ng linya ay pinagtagpo. Ito ay isang tuloy-tuloy na guhit na walang butas na bahagi.

Ang tekstura naman ay nagsisilbing pang-ibabaw na katangian.

1. Ano-ano ang iba't ibang tuwid na linya?
2. Magbigay ng isang bagay at ilarawan ang hugis nito.
3. Ilarawan ang tekstura ng iyong damit.

# Pagyamanin

## Gawain 1

Tayong lahat ay manlilikha. Isinusalat ng manlilikha ang kanilang pangalan sa kanilang mga ipininta. Isinusulat din ang petsa. Isulat mo ang iyong pangalan at petsa sa loob ng puso.



## Gawain 2

**Panuto**: Pagdugtungin ang mga tuldok. Umpisahan sa ibaba at paitaas. Kilalanin ang mga hugis o linya na mabubuo sa larawan.



## Gawain 3

**Panuto**: Iguhit ang iyong pamilya sa loob ng kahon gamit ang iba't ibang linya, hugis, kulay at tekstura.

## Pagsasanay 1

**Panuto**: Tukuyin ang mga hugis at linya ang iyong makikita sa mga larawan.

| | Larawan | Hugis | Linya |
|---|---|---|---|
| 1. |  | ___________ | ___________ |
| 2. |  | ___________ | ___________ |

3.  ____________ ____________

4.  ____________ ____________

5.  ____________ ____________

## Pagsasanay 2

**Panuto:** Masdan mo ang mga larawan sa ibaba. Anong mga hugis, linya at tekstura ang iyong nakikita? Iguhit at sabihin ang uri ng mga ito?



1. ______________________________

2. ______________________________

3. ______________________________

4. ______________________________

5. ______________________________

## Pagsasanay 3

Pagmasdan ang kapaligiran. Iguhit at ilarawan ang sarili mong disenyo tungkol sa  magandang tanawin iyong nagustuhan gamit ang hugis, linya at tekstura.

## Isaisip

Sa modyul na ito ay natutuhan ko na ang sining ay binubuo ng linya, hugis at tekstura na ginagamit ng mga manlilikha o pintor upang makalikha ng magandang obra o sining.

## Isagawa

Upang malaman kung ikaw ay may natutuhan sa modyul na ito, isagawa ang panuto na nakasaad.

**Panuto:** Tukuyin ang iba't ibang linya, hugis at tekstura. Isulat ang sagot sa patlang.

1.  = __________

2.  =__________

3.  =__________

4.  =__________

5.  =__________

6.  =__________

# *Tayahin*

Ang bahaging ito ng modyul ay susukat sa kabuuan ng iyong natutuhan upang malaman kung magpapatuloy ka sa susunod na modyul o hindi. Kung ikaw ay makakakuha ng iskor 3-5, magpapatuloy, 0-2 uulitin ang modyul.

**Panuto:** Isulat ang **L** kung ang tinutukoy ng pangungusap ay linya, **H** kung ang tinutukoy ay hugis at **T** kung ito ay tekstura.

_______ 1. Ang mukha niya ay hugis biluhaba.

_______ 2. Parihaba ang watawat ng Pilipinas.

_______ 3. Ang aklat sa Filipino ay makapal.

_______ 4. Zigzag ang daan papuntang Baguio.

_______ 5. ang hugis ng bulkang Mayon

# *Karagdagang Gawain*

Iguhit ang paborito mong lugar kasama ang iyong matalik na kaibigan sa isang bond paper gamit ang mga linya, hugis, at tekstura sa paggawa ng sining.

Nasa ibaba ang rubric ng iyong likhang sining.

| Pamantayan | Iskor |
|---|---|
| Gumamit ng tatlong Elemento sa Sining at natapos ito ng malinis at kaaya- aya. | 5 |
| Gumamit ng dalawang Elemento sa Sining at natapos ito ng malinis at kaaya-aya. | 4 |
| Gumamit ng isang Elemento sa Sining at natapos ito ngunit hindi malinis at kaaya-aya. | 3 |
| Gumamit ng Elemento ng Sining ngunit hindi malinis at kaaya-aya. | 2 |
| Gumamit ng Elemento sa Sining ngunit madumi at hindi kaaya-aya. | 1 |

# Susi sa Pagwawasto

Tuklasin:

1. Ellen
2. 6
3. biluhaba
4. malambot
5. Oo, maraming pagkain

Pagtataya:

1. parihaba, tuwid na linya,
2. tatsulok, pahilis na linya
3. bilog, pakurbang linya
4. parihaba, tuwid na linya
5. biluhaba, pakurbang linya

Isagawa:

1. pahilis na linya
2. parisukat
3. patayo
4. tatsulok
5. magaspang
6. bilog

Tayahin:

1. H
2. H
3. T
4. L
5. H

# Alamin

Ang sining ay buhay. Ito ay para sa lahat, bata man o matanda, mayaman man o mahirap, may kapansanan man o wala. Ang mga bata o mag-aaral sa kanilang murang edad, sa puso at isipan nila ay naroon ang tatak ng sining. Ang mga paborito nilang alaga ang maging inspirasyon nila upang makabuo ng isang drowing ng paborito nilang hayop na gamit ang linya o hugis at bigyang buhay ng tekstura nito. Sa murang isipan ng mag-aaral, maiguguhit niya ang paborito niyang alaga at mabigyan ito ng pangalan.

Sa Modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

1. nagagamit ang linya at hugis sa pagguhit ng iba't ibang hayop na matatagpuan sa Pilipinas.
2. natutukoy at nailalarawan ang linya at hugis na nakikita sa larawan ng mga hayop.
3. nagagamit ang iba't ibang linya at hugis sa paggawa ng tekstura ng mga hayop na idrodrowing o iguguhit.



# Subukin

**Panuto:** Alamin ang linya, hugis at tekstura na ginamit sa bahagi ng mga larawan ng mga hayop. Piliin ang mga sagot sa loob ng kahon. Isulat ang mga sumusunod na sagot sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| bilog | bilohaba |
| matigas | tuwid |



1. Anong hugis ang mata ng pusa?



2. Anong linya ang buntot ng aso?



3. Anong tekstura ang sungay ng kalabaw?



4. Anong hugis ang mata ng isda?



5. Anong tekstura ang balahibo ng baboy?

# Aralin 2 Ang Paborito kong Alaga

## *Balikan*

Bago ka magpatuloy sa modyul na ito, kaya mo bang sagutin ang mga sumusunod?

1. Ano ang paborito mong alaga?
2. Paano mo siya aalagaan?
3. Kaya mo ba itong iguhit o idrowing?
4. Paano mo ito iguhit o idrowing?

## *Tuklasin*

Pagmasdan ang larawan ng pusa. Kilalanin ang mga linya, hugis at tekstura na ginamit. Pag-aralang mabuti ito pagkatapos sagutin ang mga tanong sa **Suriin.**



# Suriin

1. Ano-anong mga hugis o linya at tekstura ng sining ang ginamit sa larawan ng pusa?

2. Paano nabuo ang isang larawan ng pusa?

Sa larawan ng pusa, ang bumabalot dito ay ang tekstura, (balahibo) ito ay malambot. Maiguguhit ito sa paggamit ng ibat ibang linya gaya ng tuwid at pakurba (paa, balbas at buntot) o iba't ibang hugis gaya ng bilog (ulo) at tatsulok (tainga) ganon din sa ibang hayop.

Tekstura:



malambot (balahibo ng pusa)

Linya:



tuwid



pakurba

Hugis:



bilog



tatsulok

## Pagyamanin

### Gawain 1

Sa pamamagitan ng mga pira-pirasong papel na may guhit na linya at hugis, magbubuo tayo ng isang larawan. Anong hayop kaya ito?



## Gawain 2

1. Anu-anong linya ang ginamit sa buntot at paa ng nabuong hayop?

2. Anu-anong hugis ang ginamit sa ulo at katawan ng nabuong hayop?

## Pagsasanay 1

Kilalanin at pagmasdan ang nakalarawang hayop. Sagutin ang mga tanong tungkol dito.



1. Ano-anong mga hugis ang ginamit sa larawan ng ibon? (ulo, katawan, buntot, mata at tuka)

2. Anong linya ang ginamit sa larawan ng ibon? (paa at pakpak)

3. Ano ang tekstura ng ibon?

## Pagsasanay 2

Tukuyin ang mga linya, hugis at tekstura na ginamit sa larawan ng isda. Sagutin ang mga tanong tungkol dito.



1. Ano-anong linya ang ginamit sa pagdrowing ng isda?

2. Ano-anong hugis ang mga ginamit sa pagdrowing ng isda?

3. Ano ang tekstura ng isda?

4. Paano nabuo ang drowing ng isda?

## Pagsasanay 3

Gumuhit ng paboritong hayop, gamitin ang mga iba't- ibang linya at mga hugis. Ipakita ang tekstura ng hayop na gusto mong iguhit.

1. Ano-anong linya ang ginamit mo sa iyong drowing?

2. Ano-anong hugis ang ginamit mo sa pagguhit?

3. Anong tekstura ang ipinapakita ng drowing mo?

4. Paano mo iginuhit ang larawan ng hayop?



## *Isaisip*

Sa modyul na ito, natutuhan ko ang mga hugis na bilog, hugis na tatsulok at hugis na bilohaba.

Natutuhan ko rin ang mga ibat ibang linya gaya ng tuwid na linya at pakurba.

Nalaman ko rin ang mga tekstura na bumabalot sa mga alagang hayop tulad ng malambot, magaspang at matigas na tekstura.

## *Isagawa*

Upang malaman kung ikaw ay may natutuhan sa Modyul na ito, isagawa ang panuto na nakasaad.

**Panuto:** Iguhit ang mga linya at hugis na ginamit sa pagdrowing ng hayop at ang tekstura nito.

1. mata ng pato
2. balahibo ng baboy
3. tuka ng ibon
4. tainga ng pusa
5. buntot ng isda

## *Tayahin*

Ang bahaging ito ng modyul ay susukat sa kabuuan ng iyong natutuhan upang malaman kung ikaw ay magpapatuloy sa susunod na Modyul o hindi. Kapag nakakuha ka ng **3-5**, magpatuloy, **0-2**, ulitin ang Modyul.

**Panuto:** Tukuyin ang ginamit na linya, hugis at tekstura na ginamit sa bahagi ng hayop. Piliin ang sagot sa mga kahon.

| **Tekstura** | **Hugis** | **Linya** |
|---|---|---|
| madulas | tatsulok | tuwid |
| malambot | bilohaba | pakurba |

1. 

linya: (antenna) ____________________

hugis: (pakpak) ____________________

tekstura: (katawan) ________________

2. 

linya: (leeg) ________________________

hugis: (mata) ______________________

tekstura: (likod) ____________________

3. 

linya: (korona) _____________________

hugis: (mata) ______________________

tekstura: (tuka) ____________________

4. 

linya: (balahibo) ___________________

hugis: (tainga) _____________________

tekstura: (leeg) _____________________

5. 

linya: (paa) ______________________

hugis: (katawan) __________________

tekstura: (sungay) ________________

## *Karagdagang Gawain*

Sa bahaging ito, ikaw ay guguhit ng paborito mong hayop gamit ang lapis, krayola o pentel pen sa isang malinis na bond paper.

Nasa ibaba ang rubric ng iyong likhang sining.

| Pamantayan | Iskor |
|---|---|
| Nagamit ang tatlo sa mga ginamit (mga linya, hugis at tekstura) sa drowing. Malinis at kaaya-aya. | 5 |
| Kulang ng isa sa mga ginamit (linya, hugis, tekstura. Malinis at kaaya-aya. | 4 |
| Kulang ng dalawa sa mga ginamit (linya, hugis tekstura) hindi malinis at hindi kaaya-aya. | 3 |
| Hindi natapos , hindi malinis at hindi kaaya-aya. | 2 |
| Nakagawa ng drowing ngunit hindi maintindihan ang drowing. | 1 |
| Hindi nakagawa ng likhang-sining. | 0 |

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

Bilog
Tuwid
Matigas
Bilohaba
Magaspang

**Pagtataya 1**

tuwid, pakurba
bilog, bilohaba

**Pagtataya 2**

bilog, bilohaba, tatsulok
tuwid, pakurba
malambot

**Tayahin**

Pakurba
Tatsulok
Madulas
Tuwid
Bilohaba
Magaspang
Paalon-alon
Bilog
Magaspang
Pakurba
Tatsulok
Malambot
Pakurba
Bilohaba
magaspang

## *Sanggunian*

Arts Curriculum Guide

Arts Teacher's Guide

Curriculum Guide in Arts 1

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph